# Mag-ingat sa $PM_{2.5}$

**Ano ang $PM_{2.5}$?**

Ito ay napakaliit na particle (2.5μm (1μm = 0.001mm) pababa). Ang kapal nito ay nasa 1/30 tulad ng buhok ng tao. Tulad ng usok ng kotse at usok sa pabrika, ito ay lumilipad sa hangin. Ito ay napakaliit at madali itong makapasok sa baga ng tao. Ito ay sinasabing hindi maganda sa kalusugan (respiratory tract at circulatory organ). Sa ibat-ibang lugar ng Japan ang dami ng $PM_{2.5}$ ay sinusukat, gaya dito sa Shimane Ken. Mag-ingat po tayo kapag marami ang sukat ng $PM_{2.5}$.

**Mag-ingat kapag ang sukat ng $PM_{2.5}$ sa loob ng isang araw ay lumampas ng 70μg/m³ mag kakaroon ng “impormasyon ng babala” Mag lalabas ng ( impormasyon na “Mag-ingat po tayo” )**

## ◇ Saan malalaman ang tungkol sa “impormasyon ng babala”　＊Wikang hapon

★ Home page ng Shimane ken
URL http://www.pref.shimane.lg.jp/environment/kankyo/kankyo/taiki/pm25.html

★ Babala galing sa munisipyo (Ayon sa lugar ng munisipyo ay naiiba ang pamamaraan ng pagbibigay ng babala.)

★ “Shimane Disaster mail” (Wikang hapon. Kailangang mag parehistro. Ang paraan ng pag paparehistro ay tingnan sa ibaba ng Page 2).　　at iba pa

## ◇ Ano ang kailangang gagawin kapag lumabas ang “Impormasyon ng babala” ?

★ Kung maaari ay bawasan ang pag labas ng bahay.

★ Kung maaari ay bawasan ang pag eehersisyo sa labas ng mahabang oras.

★ Kung maaari ay bawasan ang pag bukas ng bintana para mag palit ng hangin.

★ Mag-ingat sa pag kakasakit lalu na ang mga matatanda, maliit na bata at ang may mga sakit (respiratory tract at circulatory organ).

## ◇ Kapag walang “Impormasyon ng babala”

Mag-ingat ang mga matatanda, maliit na bata at ang may mga sakit (respiratory tract at circulatory organ).

★ May mga taong sensitibo ang kalusugan. Mag-ingat sa katawan. Kung maaari ay iwasan ang paninigarilyo.


★ Suriin araw-araw ang kalusugan, sabihin ang resulta sa nursery, kinder garden, elementarya at sa pasilidad ng mga matatanda. Ang Dami ng PM 2.5 sa Shimane

## ◇ Ang Dami ng $PM_{2.5}$ sa Shimane (kada oras)

Home page ng Shimane Ken na makukunan ng impormasyon「PM2.5(pinong particle na bagay)」

URL http://www.eco-shimane.jp/koumokubetu.php?itemCD=29&img=`3'

## Q&A



**Q　Nakakatulong ba ang pag susuot ng markara?**

A　Ang ginagamit sa Ospital na espesyal na maskara na ibinagay ang sukat ng mukha, kung gagamitin ito ng tama ay malaki ang magiging resulta. Ang nabibiling maskara ay merong na kokontrol at di nakokontrol ang $PM_{2.5}$.
Subukan muna ang resulta ng produkto bago gamitin.

**Q　Nakakatulong ba ang air cleaner?**

A　Depende sa modelo ay may iba-ibang resulta.
Tingnan ang display na produkto, itanong sa tindahan at sa gumawa ng produkto.

**Q　Kapag lumampas ang sukat sa $70\mu g/m^3$ ng buong araw ay, kailangan bang itigil ang aktibidad sa labas?**

A　Kung di lalampas ng $70\mu g/m^3$ ay pwedeng ipagpatuloy ang aktibidad sa labas.Mag ingat din kahit na mababa ang sukat ng $PM_{2.5}$ lalu na ang matatanda, maliit na bata at ang may mga sakit (respiratory tract at circulatory organ).

＜Paraan ng pagpaparehistro sa Shimane disaster mail＞　　＊Wikang hapon

① Mag padala ng mail sa bousai-shimane@xpressmail.jp
Di kailangan ang title at nilalaman.

② Pagka tapos ng ① ay may darating na mail sa loob ng 30 minuto.
Basahin ang mail at gawin ang pamamaraan.
Pag nag rehistro ay piliin ang "para sa mga advance user" pag katapos ay piliin ang "impormasyon sa polyusyon".

＜impormasyon na dapat tawagan＞

Environmental Policy Division
Department of environmental and civic affairs Shimane ken
TEL　0852-22-5277　FAX 0852-25-3830　e-mail kankyo@pref.shimane.lg.jp